ISSN 2672-2879

# CaraBalitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National at Regional Impact Zones
Science City of Muñoz, Nueva Ecija | Tomo 3 Blg. 5 | Setyembre-Oktubre 2021

www.pcc.gov.ph
Department of Agriculture-Philippine Carabao Center
pccoed2021@gmail.com



Pangalawang Dairy Box sa SOX binuksan 3



Sumisibol na CCDP sa Region XII 5

## Mahahalagang ugnayan ng DA-PCC sa iba't ibang mga institusyon, tampok sa 7th NCC

Ni **Chamanei Elias**

***DA-PCC-NHQGP***—*Itinampok sa katatapos na 7th National Carabao Conference (NCC) noong Oktubre 25 hanggang 29 ang mga nabuong makabuluhang ugnayan ng DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC) sa mga katuwang nitong local government units (LGUs) at mga pribadong institusyon sa negosyong gatasang kalabaw.*

**Sundan sa p.4**



*"Sulong Kakalabawan! Pag-asa't Pagbangon sa Kabila ng Pandemya." Sa temang ito uminog ang ginanap na 7th National Carabao Conference nitong Oktubre. (Mula sa kaliwa) Pinangunahan nina 7th NCC overall chairperson Dr. Peregrino Duran, DA-PCC OIC. Exec. Dir. Dr. Ronnie Domingo, Deputy Exec. Dir. for Administration and Finance Dr. Caro Salces, at Science City of Muñoz Administrator Dr. Raul Divina ang ceremonial ribbon cutting para sa pagbubukas ng "Techno Exhibit at Kadiwa ni Ani at Kita" na bahagi ng nasabing pagdiriwang.*

## Carapreneurs tumanggap ng PHP4.6 milyon na loan para sa negosyong pagkakalabawan

Ni **Dine Yve Daganos**

***DA-PCC-NHQGP***—*Tumanggap kamakailan ng paumpisang puhunan para sa negosyong pagkakalabawan na nagkakahalaga ng PHP4,617,000 milyon ang 38 na magkakalabaw sa Nueva Ecija.*

Pinondohan ito ng New Rural Bank of San Leonardo (NRBSL) Incorporated, Nueva Ecija sa pag-endorso ng DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC).

**Sundan sa p.2**

## Gatas ng kalabaw nasa 24/7 vendo machine na

Ni **Ma. Cecilia Irang**

***DA-PCC-NHQGP***—*Maaari nang makabili ng iba't ibang mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw ang mga kostumer ng Milka Krem anumang oras matapos mailunsad ng DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC) ang oneSTore.ph 24/7 vending machine noong Oktubre 27.*

Ang automated machine na ito ay magsisilbing instrumento para sa pagsusulong ng mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw upang patuloy na mapaunlad ang lokal na industriya ng pagkakalabawan at paggagatasan.

Naging posible ang pagtatayo ng vendo machine dahil sa pakikipagtulungan ng mga kaagapay na ahensya ng DA-PCC kagaya ng Department of Science and Technology-Philippine Council for Agriculture, Aquatic, and Natural Resources Research and Development sa pamamagitan ng oneSTore.ph project nito at ng Central Luzon State University-Central Luzon Agriculture and Resources Research and Development Consortium.

Ipinakita ni Marivic Orge, ang manager ng planta sa Central Dairy Collecting

**Sundan sa p.2**

# Carapreneurs tumanggap ng PHP4.6 milyon...

*Mula sa p.1*




*Larawang kuha ni Ma. Cecilia Irang*

*Pormal nang ibinigay ng New Rural Bank of San Leonardo (NRBSL) Incorporated ang loan para sa mga magkakalabaw ng Nueva Ecija sa ginanap na ceremonial awarding noong Oktubre sa DA-PCC. Pinangunahan ito ng pangulo ng banko na si Abundio Quililan Jr. kasama ang senior vice president nito na si Marcelo Jampil, DA-PCC OIC Exec. Dir. na si Dr. Ronnie Domingo at ilang mga benepisyaryo.*

Ang ceremonial awarding ng cheque ay ginawa sa DA-PCC noong Oktubre 26 kasabay ng pagdiriwang nito ng 7th National Carabao Conference.

Dumalo sa seremonya ang pangulo ng banko na si Abundio Quililan Jr. kasama ang senior vice president nito na si Marcelo Jampil, Vice President for Marketing and Relationship Banking Group Liza Ison, at Vice President and Group Head for Accounting Management Support and Corporate Planning Group na si Jubailene Bulawit.

Ang nasabing halaga ay isang loan mula sa DA-Agricultural Credit Policy Council (ACPC) Agri-Negosyo Loan Program (ANYO). Gagamitin itong pambili ng karagdagang kalabaw, pagpapagawa ng maayos na kural, at iba pang kakailanganin para sa negosyong pagkakalabawan.

Ang programang ACPC ANYO ay nagpapautang ng kapital na walang karagdagang interes sa mga farmers' cooperatives and associations (FCAs), at agri-fishery-based micro and small enterprises (MSEs). Naglalayon itong masuportahan ang mga magsasaka at mangingisda sa kanilang pang araw-araw na operasyon. Bahagi ito ng layunin ng DA na isulong ang food security sa bansa at mabawasan ang mataas na presyo ng mga produktong agrikultura.

# Pangalawang Dairy Box sa SOX binuksan

Ni Rodolfo Jr. Valdez




***DA-PCC sa USM—****"Sure market na ito. Ibig sabihin sure na rin ang kita para sa aming mga maggagatas!"*

Ito ang masayang bungad ni Norberto Gula, pangulo ng Canahay Dairy Farmers Association (CADAFA) matapos ang turnover ceremonies ng bagong tayong Dairy Box na ginanap sa Surallah, South Cotabato noong nakaraang October 18.

"Bilang lider ng Highland Agricultural Credit Cooperative (HACC), lubos ang aming pasasalamat sa biyayang dulot ng pagsuong namin sa negosyong salig sa gatasang kalabaw. Hindi namin ito makakamit lahat kung wala ang tulong mula sa DA-PCC, LGU, at iba't ibang ahensya ng gobyerno na siyang naglulunsad ng proyektong ito," ani HACC Chairman Merlinda Go.

Sa mensahe naman ni DA-Philippine Carabao Center sa University of Southern Mindanao (DA-PCC sa USM) center director Benjamin John C. Basilio, sinabi niyang magandang oportunidad ito para sa mga maggagatas sa SoCot.

"Ngayong naiturn over na natin ang pasilidad na ito, mas mabilis nang gugulong ang kumpletong dairy value chain sa probinsya. Isa itong malaking oportunidad para sa mga carapreneurs sa mga bayan ng Banga, Lake Sebu, Sto. Niño, Surallah, at T'boli dahil sila ang magsisilbing milk producing municipalities ng naitayong Dairy Box," ani Director Basilio.

Hinamon naman ni DA-PCC OIC executive director Dr. Ronnie Domingo ang mga maggagatas na pagbutihin ang pag-aalaga ng kalabaw upang magtuluy-tuloy ang pag-agos ng gatas at mahitik sa de-kalidad na produktong gawa rito ang mga bayan sa SoCot.

Labis naman ang pasasalamat ni Surallah Mayor Antonio Bendita sa DA-PCC dahil natupad na ang pangarap nilang magkaroon ng sariling Dairy Box sa kanilang bayan na itinuturing na agro-industrial center ng probinsya.

"Tiyak na magagamit ang processing at marketing outlet na ito ng mga maggagatas dahil may captured market na tayo. Nariyan na rin ang milk feeding program na isinasagawa ng Department of Education (DepEd) at Department of Social Welfare and Development (DSWD). Hitting two birds with one stone kumbaga, masosolusyunan na ang malnutrisyon sa bayan samantalang may dagdag na kita naman ang ating mga magsasaka," ani Mayor Bendita.

Ang kauna-unahang Dairy Box sa South Cotabato o pangalawa sa buong Region XII o SOCCSKSARGEN (SOX) ay pangangasiwaan ng Municipal Economic Enterprise ng Surallah ayon sa napagkasunduan ng LGU-Surallah at ng Highland Agricultural Credit Cooperative (HACC) ng Lake Sebu, South Cotabato. Matatandaan na ang HACC ang kooperatibang nakatanggap ng 50 na mestisang gatasang kalabaw sa ilalim pa rin ng proyektong ALAB-Karbawan.

Ang naitayong Dairy Box ay bahagi ng PHP10 million ALAB-Karbawan project sa South Cotabato na pinondohan ng Office of Senate Committee on Agriculture, Food and Agrarian Reform sa pamumuno ni Sen. Cynthia Villar.

Dumalo at nagpahayag din ng suporta sa programa sina DA-XII regional director Arlan Mangelen, ATI-XII director Abdul Daya-an, Task Force Gatas Ret. Col. Celestino Desamito, kinatawan mula sa opisina ni Sen. Villar na si Mr. Arthur Go, at iba pang mga katuwang na opisina para sa matagumpay na paglulunsad ng naturang proyekto.

# Gatas ng kalabaw nasa 24/7 vendo...

*Mula sa p.1*



and Processing Facility ng DA-PCC Milka Krem, ang madaling paggamit ng vendo machine at kung paanong makatutulong ito para mas madaling makabili ang mga parukyano ng masustansyang gatas ng kalabaw.

"Ito na po ang solusyon para sa mga gustong tangkilikin ang mga produkto natin pero napag-aabutan ng pagsasara ng Milka Krem store. Kahit anong oras ngayon ay pwede na silang makabili ng paborito nilang dairy products," ani Orge.

Pinapalitan, aniya, ng mga bagong stocks ang mga produkto na nasa vendo machine tuwing ikatlong araw para maiwasan ang pagkapanis ng mga ito kaya't makasisiguro ang mga mamimili na laging "fresh and natural" ang kanilang mga bibilhing produkto sa Milka Krem.

Mabibili na ang mga produktong pasteurized milk, chocomilk, rice milk, yogurt, pastillas, polvoron, at Milkaroons sa vendo machine.

Ang pagpapasinaya sa nasabing vendo ay dinaluhan nina DA-PCC Deputy Executive Director for Administration and Finance Dr. Caro Salces, Carabao-Based Enterprise Development Section officer-in-charge Joel Cabading, at dating DA-PCC Executive Director Dr. Libertado Cruz.

Isinapubliko ang launching ceremony sa pamamagitan ng livestreaming sa Facebook page ng DA-PCC kasabay ng pagdiriwang ng ika-pitong National Carabao Conference.

> *"Ito na po ang solusyon para sa mga gustong tangkilikin ang mga produkto natin pero napag-aabutan ng pagsasara ng Milka Krem store. Kahit anong oras ngayon ay pwede na silang makabili ng paborito nilang dairy products."*
>
> **Marivic Orge**
> *Manager ng Central Dairy Collecting and Processing Facility*



# Kauna-unahang Dairy Box sa Iloilo

Nina **Chamanei Elias** at **Mary Antonette Andarza**




***DA-PCC sa WVSU—*** *Nakagayak na ang lupang pagtatayuan ng kauna-unahang Dairy Box sa Iloilo. Ito'y sa pagtutulungan ng Barotac Nuevo Development Cooperative (BNDC) at ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center sa West Visayas State University (DA-PCC sa WVSU).*

Isinagawa sa barangay Tabuc Suba, Barotac Nuevo ang groundbreaking ceremonies para sa nasabing pasilidad noong Setyembre 27.

Ang Dairy Box ay isang outlet para sa mga produktong ipoprodyus ng mga magsasakang maggagatas ng BNDC. Isang mahalagang aspeto ito ng proyektong Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) ng DA-PCC na pinondohan ng opisina ng Senate Committee on Agriculture, Food and Agrarian Reform sa pamamagitan ni Senator Cynthia Villar.

Layon ng CBIN ang isang inclusive, sustainable, at highly competitive local dairy industry sa bansa. Sisiguruhin nito ang mga mekanismo para sa maalab na industriya ng pagkakalabawan at paggagatasan mula sa produksyon hanggang sa pagsasapamilihan ng gatas.

"Kailangan nating palakasin ang milk production sa ikaapat na distrito ng Iloilo para sa mga miyembro ng BNDC at ng buong bayan ng Barotac Nuevo. Makadadagdag ito sa kanilang kita at makatutulong din sa milk feeding program ng DepEd at DSWD ang maipoprodyus nilang gatas ng kalabaw. Mahalaga ang ganitong mga plano para sa pagpapaganda ng dairy industry ng Pilipinas," ito ang naging mensahe ni Senator Cynthia Villar sa pagtitipong ginanap.

Dinaluhan din ito nina dating Congressman Dr. Ferjenel Biron, Congressman Braeden John Biron, Mayor Bryant Paul Biron, DA-PCC sa WVSU Center Director Arn Granada, BNDC chairperson Antonio Belluga, BNDC vice chairperson Angelito Dasmarinas at provincial board members na sina Edwin Besana, Cyril Sazon, Dydu Bontigao, Romelo Velez, at Dinah Denaque.

*Ang Dairy Box ay isang outlet para sa mga produktong ipoprodyus ng mga magsasakang maggagatas ng BNDC. Isang mahalagang aspeto ito ng proyektong Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) ng DA-PCC na pinondohan ng opisina ng Senate Committee on Agriculture, Food and Agrarian Reform sa pamamagitan ni Senator Cynthia Villar.*

Ang programa ng CBIN sa Panay ay pinasimunuan ng mga lalawigan ng Antique, partikular na sa mga munisipalidad ng Hamtic at Pandan noong 2019. Sa ilalim ng proyekto ay ang tuluy-tuloy na mga serbisyo ng DA-PCC sa carabao breeding, pagbibigay ng dairy equipment, supplies at teknikal na suporta sa pamamagitan ng training at extension o advisory services.

Kamakailan lang, ang Antique Dairy Box sa Western Visayas ay ipinagkatiwala ng DA-PCC sa Hamtic Multi-Purpose Cooperative sa New Public Market at Terminal ng Hamtic, Antique nito lamang Oktubre 8.

Ayon kay Director Granada, magsisilbi itong hamon hindi lamang sa Hamtic MPC kundi para na rin sa buong Southern Antique na magpoprodyus ng sarili nilang gatas at seseguro sa bastanteng suplay ng gatas ng kalabaw para sa mga Antiqueño.



# Sumisibol na CCDP sa Region XII

Ni **Rodolfo Jr. Valdez**

***DA-PCC sa USM—*** *Kasabay ng patuloy na pagyabong ng Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) sa buong bansa, nagsimula na rin ang tuluy-tuloy na pag-usad ng Coconut-Carabao Development Project o CCDP sa Region XII kasunod ng paunang pamamahagi ng 24 na mestisang gatasang kalabaw sa South Cotabato.*



Ang CCDP, katulad ng CBIN na may pinatanyag na pangalang ALAB-Karbawan, ay proyektong pinondohan ng opisina ng Senate Committee on Agriculture, Food and Agrarian Reform na pinamumunuan ni Senator Cynthia Villar. Ito ay proyektong magkatulong na itataguyod ng DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC) at DA-Philippine Coconut Authority (DA-PCA).

Ang 10-milyong pisong proyekto ay naglalayong mapaangat ang kabuhayan ng mga magniniyog sa bansa sa pamamagitan ng dagdag kitang dulot ng negosyong salig sa gatasang kalabaw.

Sa Region XII, dalawang asosasyon at isang kooperatiba ang magiging kalahok sa CCDP. Ito ang Malaya Integrated Farmers Association sa Banga, Buto Small Coconut Farmers Organization sa Tampakan, at ang Tupi Integrated Agricultural Cooperative (TIAC) sa Tupi.

Ang dalawang asosasyong nabanggit ang nakatanggap ng naunang 24 na mestisang kalabaw sa kabuuang 34 na kalabaw. Sila ang magsisilbing pangunahing magpoprodyus ng gatas. Upang mabuo naman ang dairy value chain ng proyekto, ang TIAC naman ang magsisilbing processing at marketing arm nito.

"Tiyak na magiging sagana sa gatas ng kalabaw hindi lang ang probinsya ng South Cotabato kundi maging ang buong SOCKSARGEN dahil may CBIN na, may CCDP pa. Kaakibat ng malaking proyektong ito ay ang mabigat ding hamon para sa ating lahat. Tara at sabay-sabay nating patunayan na totoong 'Sa dairy, ang kita ay daily!," ani DA-Philippine Carabao Center sa USM Center Director Benjamin John Basilio.

Sa mensahe naman nina Senator Villar at DA-PCA administrator Benjamin Madrigal, Jr., sinabi nilang ang proyektong ito ay inaasahang maglulunsad ng mas masaganang paggagatasan sa bansa.

"Simula pa noong 2019, ang Senate Committee on Agriculture ay naglaalan na ng pondo para isulong ang dairy industry sa bansa. Malaking hamon at oportunidad ang maibibigay ng proyektong ito para sa lahat ng maggagatas," ani Senator Villar.

Samantala, dumalo rin sa entrustment ceremony ang iba't ibang mga kabalikat sa proyektong CCDP tulad nina PCIC-XI OIC Regional Manager Rosalina Grabulan, kinatawan mula sa Office of Sen. Cynthia Villar na si Arthur Go, DA-PCA CCDP focal person Jenycar Gallego, representatives mula South Cotabato Provincial Veterinary Office, at Municipal Agriculture Office ng Tampakan at Banga.


Ang PCC at PCA, parehong attached agencies ng Department of Agriculture, ay ang nangunguna sa paglulunsad ng carabao-based enterprise para sa mga magniniyog sa Pilipinas.

## Mahahalagang ugnayan ng DA-PCC...

*Mula sa p.1*

Nagkaroon ng mga talakayan kasama ang mga representatives mula sa lokal na pamahalaan, kabalikat na ahensya, entrepreneurs at mga magsasaka sa pamamagitan ng online streaming at limitadong face to face interactions. Mababalikan ang mga talakayan at iba pang aktibidad sa official Facebook page ng DA-PCC at naging media partner nito na Tulong Balita Online.

Binigyang-linaw naman nina DA-PCC OIC Executive Director Dr. Ronnie Domingo, DA-PCC Deputy Executive Director for Administration and Finance Dr. Caro Salces, at DA-PCC Deputy Executive Director for Production and Research Dr. Claro Mingala ang mga katanungan ng mga katuwang na magsasaka, kooperatiba at entrepreneurs tungkol sa mga programa at iba pang aspeto ng pagkakalabawan sa Roundtable Discussion.




Naging sentro rin ng pagdiriwang ang pagkilala sa mga 2020 Outstanding Dairy Farmers, Cooperatives, Village-based AI Technicians (VBAITs), at Dairy Buffaloes. Makikita ang buong hanay at kanilang profile sa pahina 6.

Binuksan ang isang linggong pagdiriwang ng NCC ng isang techno exhibit na bahagi naman ng Kadiwa ni Ani at Kita. Dito tinipon ang mga produkto ng mga katuwang na magsasaka at negosyante ng DA-PCC para ibenta sa mas abot-kayang halaga. Ito ay bilang suporta sa pangunahing adhikain ng DA na magkaroon ng masaganang ani at mataas na kita ang mga magsasaka at mangingisda.

Pinangunahan ni Science City of Muñoz administrator Dr. Raul Divina, Dr. Domingo, Dr. Salces at 7th NCC overall chairperson Dr. Peregrino Duran ang ribbon cutting para sa pagbubukas ng nasabing aktibidad.

Nagkaroon din ng demo para sa paggamit ng baler machine si Dr. Cyril Baltazar, Farm Superintendent II ng DA-PCC Gene Pool.

Sa kanyang mensahe, sinabi ni DA Secretary William Dar na patuloy ang mga hakbang para mas mapalakas at mapabuti pa ang industriya ng pagkakalabawan katulad ng herd build-up, pagpapataas ng kakayahan sa pagnenegosyo ng mga carepreneurs, pagtiyak sa produksyon ng ligtas at de-kalidad na gatas at mga produktong karne, at pagbuo o pagpapaunlad pa ng niche market para sa mga produktong galing sa gatas at karne ng kalabaw.

"Para makamit natin ito, kailangan natin ng modernisasyon sa mga pasilidad para sa pagpoprodyus at pagpoproseso ng gatas, pagpapababa ng gastos para sa pakain, pagpapalakas ng research for development, at pagpapatibay ng makabuluhang ugnayan sa mga LGUs," ani Secretary Dar.

Muli namang ipinaalala ni Senator Cynthia Villar, ang chairperson ng Senate committee for Agriculture, Food, and Agrarian Reform ang kahalagahan ng gatas ng kalabaw sa pagpapababa ng kaso ng undernourished children at bilang karagdagang kabuhayan para sa mga lokal na magsasaka at negosyante.

Binigyang-diin naman ni DA-PCC OIC Executive Director Dr. Ronnie Domingo ang kahalagahan ng competitiveness sa industriya ng kalakalan. Hinamon niya ang ahensya na pakinabangan ang niche market kung saan target ng ahensya ang mga partikular na konsyumer at market segment para sa mga produktong galing sa gatas at karne ng kalabaw.

Ibinahagi naman ni DA-Assistant Secretary-Designate for Regulations Dr. Liza Battad ang kalagayan ng industriya ng pagkakalabawan.

Kasama sa mga aktibidad ang paglulunsad ng bagong DA-PCC music video na sinulat at inawit ni Center Director Ariel Abaquita ng DA-PCC sa La Carlota Stock Farm.

Samantala, tampok naman sa closing ceremonies ng NCC ang paglulunsad ng isang testimonial video tungkol sa proyektong Carabao-based Business Improvement Network o mas kilalang ALAB Karbawan na pinondohan ng opisina ni Sen. Villar.

Isang simpleng seremonyal na paggawad ng loan din ang ginawa sa programa ng New Rural Bank of San Leonardo, Nueva Ecija Inc. sa mga piling dairy cooperatives bilang bahagi ng DA-Agricultural Credit Policy Council (ACPC) Agri-Negosyo (ANYO) Loan program. Nagkakahalaga ang pautang ng P4,617,000 na gagamitin sa negosyong pagkakalabawan.

Inilunsad din sa selebrasyon ang Gawad Livestock and Poultry Award na pinangunahan ni DA Undescretary for Livestock Dr. William Medrano.

Nagkaroon din ng pagtitipon kasama ang mga media partners ng DA-PCC sa Nueva Ecija sa isang Knowledge Café kung saan nakapagtanong ang mga media representatives sa mga pangunahing ahensyang namamahala sa agrikultura at sa ilang mga farmer awardees tungkol sa mga napapanahong isyu sa industriya ng pagkakalabawan.

# Outstanding

## DAIRY FARMERS, COOPERATIVE, BULL RECIPIENT, VBAIT, AT DAIRY BUFFALOES




Nina **Ma. Cecilia Irang** at **Chamanei Elias**

## FAMILY MODULE CATEGORY

### LUZON CLUSTER

**CEFERINO T. LIGOT**



Isa si Ceferino sa mga mapapalad na magkakalabaw dahil katuwang niya ang kanyang pamilya sa pag-aalaga mula sa pagpapakain, paggagatas, at pagsasapamilihan ng aning gatas. Nagsimula lamang sa dalawang kalabaw, ngayon ay walo na ang inaalagaan ng pamilya ni Ceferino. Hinahangaan din si Ceferino dahil sa mga best practices nito kagaya ng maayos at kumpletong pagtatala ng performance ng kanyang mga alaga at pagkakaroon nito ng malawak na taniman ng pakain tulad ng Napier at mais na kanyang ginagawang silage.

### VISAYAS CLUSTER

**PANFILO B. TUTOR**



Magmula nang mapagkatiwalaan na mag-alaga ng isang purebred American Murrah buffalo ng DA-PCC si Panfilo noong 2005 ay ibayong kasipagan na ang ipinamalas nito sa pag-aalaga ng kalabaw. Hindi naglaon ay muli siyang nabiyayaan ng tatlong karagdagang gatasang kalabaw at napahiraman ng isang bulugan sa ilalim ng bull loan program ng DA-PCC. Dahil sa maayos na pangangasiwa sa kanyang mga alaga katuwang ang kanyang asawa at limang anak, mayroon na sila ngayong 12 kalabaw. Anim sa mga ito ang ginagatasan na nagbibigay ng tiyak na ganansya sa kanilang kabuhayan.

### MINDANAO CLUSTER

**PEDRO B. SILVIDAD**



Para kay Pedro, ang pag-aalaga ng kalabaw ang naging susi upang masuportahan niya ang pag-aaral ng mga anak, mabayaran ang kanilang mga utang, at higit sa lahat ay matustusan ang pang-araw-araw nilang pangangailangan. Bagama't nagsimula si Pedro sa pagkakalabaw noong 2019, ramdam na niya ang hatid na benepisyo ng gawing ito at naniniwala siya na ito ang tuluyang makapag-aahon sa kanyang pamilya sa kahirapan.

## OUTSTANDING DAIRY BUFFALO FARMERS (SEMI-COMMERCIAL CATEGORY)

### LUZON CLUSTER

**ERNIE LITA JUNE C. FLORES**



Determinasyon at tiwala ang pinanghawakan ni June noong siya'y nagsisimula pa lang at siya ring nagtulak sa kanya sa tinatamasang tagumpay ngayon. Taliwas man ito sa natapos niyang kurso na chemical engineering, buong-loob siyang nakipagsapalaran sa gawaing ito at hindi naman siya nabigo dahil isa na ngayon ang kanyang Adeline's Dairy Farm sa mga modelo ng carabao-based enterprise sa buong lalawigan ng Tarlac.

### MINDANAO CLUSTER

**DOMINIC P. PACLIBAR**



Si Dominic ay kabilang sa mga nagtapos sa Farmer Livestock School on Dairy Buffalo Production (FLS-DBP) na isinagawa ng DA-PCC. Hindi naglaon ay napahiraman si Dominic ng kalabaw sa ilalim ng Family Buffalo Module. Gamit ang mga natutunan sa FLS-DBP, napaunlad niya ang kanyang negosyong salig sa pagkakalabaw, na pinangalanan niyang D&L Dairy Farm. Isa rin si Dominic sa mga suppliers ng gatas para sa School-based Milk Feeding Program ng DepEd Cotabato at South Cotabato Divisions.

## OUTSTANDING DAIRY BUFALO FARMER (COMMERCIAL CATEGORY)

**ELPIDIO C. MANALOTO JR.**



Sa pagnanais na makapag-ambag sa lokal na produksyon ng gatas sa bansa, sinuong ni Elpidio ang pag-aalaga ng mga gatasang hayop kaakibat ang negosyong salig dito. Dahil sa adhikaing ito, patuloy na nagsumikap si Elpidio na paramihin ang kanyang mga alagang hayop hanggang sa umabot na nga sa 128 ang bilang ng alaga niyang gatasang kalabaw.

## OUTSTANDING VILLAGE-BASED AI TECHNICIANS

### LUZON CLUSTER

**BERNIE GLENN B. GUEVARRA**



Mahigit 140 beses nang nakapagserbisyo ng AI si Bernie Glenn B. Guevarra sa Magallanes, Cavite. Nakapagpalabas na rin siya ng 82 bulo noong 2020. Mahusay at maayos ang sistema ng kanyang pagtatala. Sa pamamagitan ng station thawing, nagagawa niyang makapagserbisyo ng AI sa mga lugar na dalawang oras ang layo mula sa kanya.

### VISAYAS CLUSTER

**ROLLY RICHARD O. ZALAMEDA**



Sa taong 2021, nakapagprodyus ng 26 na bulo si Rolly Richard Zalameda mula sa 111 naserbisyuhan noong 2020. Kasalukuyan din siyang nagbibigay ng serbisyo sa AI ngayong kasagsagan ng pandemya. Kinilala siya ng DA-PCC sa VSU na isa sa pinakamahusay nilang AI technicians sa lugar. Ipinagmamalaki rin ng ahensya ang dami ng mga nakamit nitong parangal dahil sa kanyang serbisyo mula 2013 hanggang sa kasalukuyan.

## OUTSTANDING DAIRY BUFFALO COOPERATIVE/FARMERS' ASSOCIATIONS

### LUZON CLUSTER

**GENERAL TRIAS DAIRY RAISERS MULTI-PURPOSE COOPERATIVE**

Matagumpay ang naging lakbayin ng General Trias Dairy Raisers Multi-Purpose Cooperative sa programa ng paggagatasan, ito ay bunsod ng pagkakaisa ng mga opisyales at miyembro nito tungo sa maunlad na samahan at maayos na operasyon ng kanilang kooperatiba. Sa kasalukuyan, mahigit 400 gatasang kalabaw ang inaalagaan ng koop. Noong 2020 ay nakakokolekta ito ng 500 litro ng gatas araw-araw. Kabilang din ang koop sa nagsusupply ng sterilized toned milk sa iba't ibang bayan ng Cavite para sa School-based Milk Feeding Program ng DepEd.

### VISAYAS CLUSTER

**SAN JOSE BUFFALO DAIRY PRODUCERS ASSOCIATION**

Kahanga-hanga ang pamamaraan ng San Jose Buffalo Dairy Producers Association upang mahikayat ang mga magsasaka na gatasan ang kanilang mga kalabaw. Sa pamamagitan ng pagpapakita at pagpapatunay na may pera sa gatas ay naengganyo rin ang iba pang miyembro na sumuong sa gawaing ito. Nagsimula lamang sa 20 miyembro noong 2011, ngayon ay nasa 113 na ang miyembro ng asosasyon at nadaragdagan pa.

### MINDANAO CLUSTER

**MULETA SIDE BUFFALO DAIRY ASSOCIATION**

Mabilis ang naging progreso ng Muleta Side Buffalo Dairy Association sa programa ng paggagatasan dahil na rin sa aktibong pagganap ng tungkulin ng mga miyembro sa asosasyon. Mula sa 10 kalabaw na ipinagkatiwala ng DA-PCC sa CMU noong 2017, naparami nila ito at ngayon ay nasa 95 na ang bilang ng kanilang alaga. Isa rin ang asosasyon sa nagsusupply ng gatas at Milkybun para sa milk feeding program ng DepEd sa iba't ibang divisions sa Bukidnon.

## OUTSTANDING BULL RECIPIENTS

### LUZON CLUSTER

**JOSELITO L. CANLAS**



Kinagisnan ng batang Joselito mula sa Bancal, Maliwalo, Bacolor, Pampanga ang pag-aalaga ng kalabaw. Nguni't dahil sa pagputok ng bulkang Pinatubo, nalubog sa lahar ang kanilang barangay dahilan upang lisanin nila ito. Pagkalipas ng halos dalawang dekada, muling bumalik ang kanilang pamilya sa Maliwalo at napagdesisyunang muling magsimula sa pagkakalabaw. Masidhi ang pagnanais ni Joselito na mapayabong ang paggagatasan sa kanilang lugar kung kaya't ganun na lamang ang kanyang pagsisikap na maparami ang mga gatasang kalabaw sa lugar sa pamamagitan ng naipahiram sa kanyang bulugan ng DA-PCC. Dahil sa Bull Loan Program ng DA-PCC, nakapagpalabas siya ng 37 bulo. Mula sa kabuhayang ito, nakabili siya ng sariling sasakyan at napag-aral niya ang anak sa kolehiyo.

### VISAYAS CLUSTER

**RUBEN S. BUTLIG**



Tatlong beses nang naging recipient si Ruben Butlig sa ilalim ng Bull Loan Program ng DA-PCC. Labing isa na ang mga bulo na nadagdag sa kanyang mga kalabaw mula Enero hanggang Hunyo 2021. Regular din siyang nagsusumite ng kanyang mga records sa DA-PCC sa Ubay Stock Farm sa Bohol. Mahusay din niyang nadodokumento ang mga bulong ipinapanganak dahil sa pagseserbisyo ng kanyang alagang bulugan.

## BEST DAIRY BUFFALO COWS (PUREBRED-JUNIOR BUFFALO COW CATEGORY)

### LUZON CLUSTER

**2BP16013 na pag-aari ni RICHARD C. REYES**

Para kay Richard Reyes ng Pampanga, ibayong pakinabang ang hatid ng kanyang kalabaw na may ID no. 2BP16013 at pinangalanan niyang Toni. Maganda ang kundisyon ng katawan ni Toni at maamo rin itong alagaan. Nito lamang Hunyo 15, 2021 ay nanganak ito. Ang purebred Philippine Dairy Buffalo ay nakapagbibigay ng 1,014.8 kilong gatas sa loob ng tatlong buwan.

### VISAYAS CLUSTER

**2LC17006 na pag-aari ni DOREEN ALICIA G. PEÑA**

Ipinanganak noong Abril 1, 2017, ang Italian Mediterranean Buffalo na may ID no. 2LC17006 na pagmamay-ari ni Doreen Alicia Peña. Ang maamong kalabaw ay nanganak nitong Hunyo 11, 2020 at nakakapagprodyus ng 1,748.9 kilong gatas sa loob ng 10 buwan.

**2LSC14012 na pag-aari ni GREGORIO B. CUECO**

Ipinagmamalaki ni Gregorio Cueco ang kanyang Bulgarian Murrah Buffalo na may ID no. 2LC17006. Tatlong beses na itong nanganak sa taong 2017, 2019 at 2020. Nasa mahigit 2,000 kilong gatas ang naprodyus nito sa loob ng 10 buwan.

## BEST DAIRY BUFFALO COWS (PUREBRED-SENIOR BUFFALO COW CATEGORY)

### LUZON CLUSTER

**2NIZ16006 na pag-aari ni VICTORIANO C. DUMALE**

Ipinanganak noong Enero 10, 2016 si Daisy na may ID no. 2NIZ16006. Ang Brazilian Murrah Buffalo ay pag-aari ni Victoriano Dumale ng Licaong, Science City of Munoz, Nueva Ecija. Dalawang beses na itong nanganak sa taong 2019 at 2020. Kasalukuyan din siyang naggagatas at nakapagpoprodyus ng 2,646.8 kilo sa loob ng mahigit walong buwan.

### MINDANAO CLUSTER

**IT20141135 na pag-aari ni MELGIN M. ZENITH**

Ang Italian Mediterranean Buffalo ni Melgin Zenith na may ID no. IT20141135 ay ipinanganak noong Hulyo 18, 2012. Nakapanganak ito ng dalawang bulo noong 2018 at 2019. Nakapagbigay ito ng 1,400 kilong gatas sa loob ng 10 buwan sa parehong taon.

*Abangan sa susunod na isyu:*

**Alab Karbawan sa Ilocos at Abra**



**Coconut Carabao Development Project (CCDP) sa Leyte**





*(Mula sa kaliwa) Nilibot nina Assistant Secretary for Strategic Communications Noel Reyes, Assistant Secretary-designate for Regulations Dr. Liza Battad, Agriculture Secretary William Dar, at DA-PCC OIC Executive Director Dr. Ronnie Domingo ang mga Kadiwa booths na nakapwesto sa Milka Krem compound ng DA-PCC. Ito ang isa sa pangunahing isinusulong ng DA upang masiguro ang food security at masuportahan ang mga magsasaka.*

*Larawang kuha ni Chrissalyn Marcelo*

# DA-Kadiwa ni Ani at Kita isinusulong sa N.E.

Ni **Ma. Cecilia Irang**

***DA-PCC-NHQGP—****Sariwa na, abot-kaya at de-kalidad pa. Ganito ang mga panindang makikita sa bagong bukas na Kadiwa ni Ani at Kita farmers' exhibit sa Milka Krem compound sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija, ayon kay Jeraldin Torres, manager ng Milka Krem at namamahala sa naturang inisyatiba.*

Unang binuksan ang nasabing exhibit ng DA-PCC noong Setyembre 3 bilang suporta sa pangunahing adhikain ng DA na magkaroon ng masaganang ani at mataas na kita ang mga magsasaka at mangingisda.

Inilunsad noong Setyembre 2019, ang Kadiwa ni Ani at Kita ay ipinatutupad sa iba't ibang panig ng bansa at nagsisilbing direktang ugnayan sa pagitan ng mga magsasaka, mangingisda at mamimili para sa mga produktong abot-kaya ang halaga.

Pinangunahan nina Agriculture Secretary William Dar, Assistant Secretary for Strategic Communications Noel Reyes, Assistant Secretary-designate for Regulations Dr. Liza Battad, DA-PCC's OIC Executive Director Dr. Ronnie Domingo, Deputy Executive Director for Administration and Finance Dr. Caro Salces, at Deputy Executive Director for Production and Research Dr. Claro Mingala ang pagbubukas ng Kadiwa stores sa DA-PCC.

Itinayo ang 10 booths para sa exhibit kung saan walo rito ang binabantayan ng mga kooperatibang inaasistehan ng DA-PCC sa Nueva Ecija kabilang ang Eastern Primary Multipurpose Cooperative (EPMPC), Simula ng Panibagong Bukas MPC at Brotherskeeper MPC sa San Jose City; Catalanacan MPC, Licaong Agriculture Cooperative, Aling Maria Homemade Sweets sa Science City of Muñoz; Caudillo Prutas at Gulay Producers Cooperative sa Cabanatuan City; at Bongabon Dairy Cooperative sa Bongabon.

Binisita ni Sec. Dar ang bawa't booth at hinikayat ang mga magsasaka na magpatuloy sa kabila ng mga suliranin na dulot ng pandemya. Sinabi rin niya na laging nakaagapay ang gobyerno sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga inisyatiba nito, kagaya ng Kadiwa, upang matulungan silang direktang maibenta ang kanilang mga produkto sa mga mamimili.

"Magandang oportunidad po itong Kadiwa para sa kagaya kong magsasaka at miyembro ng kooperatiba para madala namin 'yong mga produkto namin dito sa kanayunan. Sa katunayan, bunga ng proyektong Gatas, Gulay, Karne (GGK) ng DA-PCC ang ilan sa mga produktong ibinibenta namin dito tulad ng mais, kamote, at talong," ani Samuel Mercader, chairperson ng EPMPC.

"Kaysa pumila nang pagkahaba-haba 'yong mga customers natin doon sa palengke ay pwede na sila ritong bumili ng mga produktong gusto nila," dagdag niya.

Bukas tuwing Biyernes mula 8 a.m. hanggang 5 p.m. ang Kadiwa stalls. Kabilang sa mga produktong mabibili rito ay carabao's milk-based at Kardeli carabao meat products, native delicacies, kalabasa, sitaw, mais, kalamansi, pipino, kamatis, papaya, kamote, native na manok, kabute, talong, okra, at iba pang mga gulay at prutas.


## Patnugutan

**Patnugot** ERIC P. PALACPAC, ROWENA GALANG-BUMANLAG
**Tagapamahalang Patnugot** MA. CECILIA C. IRANG
**Manunulat** MA. CECILIA C. IRANG, CHAMANEI C. ELIAS, DINE YVE D. DAGANOS, RODOLFO JR. T. VALDEZ, MARY ANTONETTE G. ANDARZA
**Layout at Ilustrasyon** DINE YVE D. DAGANOS
**Tagapamahala sa Sirkulasyon** CHAMANEI C. ELIAS, DINE YVE D. DAGANOS
**Tagapayo** RONNIE D. DOMINGO

## CaraBalitaan

Department of Agriculture PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED ISO 9001 | ISO 14001 | ISC 45001

*Ang **CaraBalitaan** ay isang pahayagan ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) na inilalathala isang beses kada dalawang buwan para sa mga kliyente nitong magsasakang maggagatas mula sa National at Regional Impact Zones. Naglalaman ito ng mga balita, istorya ng tagumpay, natatanging mga gawain at modernong teknolohiya na may kinalaman sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.*